**American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)**
e-ISSN: 2378-703X
Volume-09, Issue-07, pp-162-175
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Ang Dobleng Papel: Isang Penomenolohikal na Pananaliksik sa Akademikong Karanasan ng mga Estudyanteng Opisyales ng PNOY

Rhea B. Langrio[1], Linagyn G. Cubio, MEAL[2]
[1]*(Department of Education Major in Filipino – Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines)*
[2]*(Department of Education – Instructor, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines)*

**ABSTRAK :** Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay mailahad ang mga karanasan ng mga piling mag-aaral sa BSED Medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, bilang bago at dating lider ng organisasyong PNOY, kaakibat ng minimithing tagumpay sa akademiko. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik gamit ang penomenolohiyang pagdulog. Ang mga kalahok ay binubuo ng sampong (10) mag-aaral na may karanasan sa pamumuno ng organisasyong PNOY. Limang (5) mga kalahok para sa malalimang panayam (in-depth interview) at ibang limang (5) kalahok naman ang para sa pangkatang talakayan (focus group discussion). Lumabas sa pag-aaral na may malalim na epekto ang pagiging lider sa kanilang akademikong pagganap, ito ay ang oras na inilaan para sa pag-aaral at personal na pag-unlad. Dagdag pa, lumitaw din ang kahalagahan ng epektibong pamamahala sa oras, suporta galing sa tagapayo, pagiging bukas sa opinyon ng iba at kakayahang balansehin ang mga tungkulin upang mapanatili ang tagumpay sa larangan ng akademiko at pamumuno. Nalaman din na ang pagiging lider ay hindi lamang isang responsibilidad, kundi isang proseso ng pagkatuto at paghubog ng pagkatao. Inirerekomenda na magkaroon ng mas malawak na saklaw at masusing pagsusuri sa mga estratehiya ng pamamahala ng oras at stress ang susunod na mananaliksik, upang mas maunawaan ang pangmatagalang epekto ng sabayang responsibilidad sa akademiko at pamumuno ng mga mag-aaral.

***MGA SUSING SALITA –*** *Akademikong Tagumpay, Karanasan bilang Lider, Pamamahala ng Oras, Pamumuno, Responsibilidad*

## I. INTRODUKSIYON

Ang mga estudyanteng opisyal, lider o namumuno ay nagtataglay ng kakayahan na kwalipikado para sa kanilang posisyon. Sa paglago ng organisasyon marapat lamang na ang mga mag-aaral na ito ay may tinataglay na sapat na kasanayan sa pagbabalanse sa akademikong responsibilidad at mga tungkulin sa pamumuno sa loob ng organisasyon. Ang hindi wastong pamamahala sa oras ay maaaring magdirekta sa layunin ng mga mag-aaral sa maling direksyon. Ang sabay-sabay na pakikilahok na ito ay maaaring magbigay ng mga kasiya-siyang karanasan, ngunit nagdadala rin ito ng mga natatanging problema na maaaring makaapekto sa tagumpay sa akademiko at personal na pag-unlad (Marigmen et al., 2024).

Sa India, partikular na sa Pune, madalas na nahihirapan ang mga estudyanteng opisyales na pamahalaan ang kanilang mga aktibidad sa pamumuno at mga obligasyong akademiko. Ipinahayag sa pag-aaral na ang kakulangan ng kamalayan sa mga aksyon ng pamunuan, kakulangan ng kolaborasyon ng mga opisyal, at hindi wastong pamamahala ng oras ay nag-aambag sa mahinang pamumuno sa pamamagitan ng paglikha ng isang mahaba at mabagal na proseso ng trabaho. Bukod dito, isang pag-aaral na ginawa sa Kenya ang natagpuan na ang mga estudyanteng opisyal ay madalas na nahihirapan sa pagpaplano ng kanilang akademikong trabaho at mga tungkulin sa pamumuno dahil sa isang hindi inaasahang serye ng mga kaganapan. Dahil sa dalawang tungkuling ito, maaari nilang maharap ang hamon sa pamamahala ng bawat responsibilidad, na maaaring makakaapekto sa kanilang akademikong pagganap at kakayahang tuparin ang mga tungkulin sa pamumuno. (Mitra, 2022; Murage et al., 2019).

Sa Pilipinas, partikular na sa Iloilo City, dahil sa *stress* na dulot ng pagbabalanse ng tungkulin sa akademiko at pamumuno sa organisasyon, ang mga mag-aaral na opisyales ay nakaranas ng mataas na pagod sa mental, emosyonal at pisikal na aspekto. Ang kakulangan ng tamang kaalaman at pagsasanay sa pamamahala ng oras, na nagiging sanhi ng mababang pakikiisa sa mga miyembro at kasapi ng organisasyon ay nagiging hadlang sa kanilang akademikong pagganap. Ayon din sa pag-aaral sa Dagupan, dahil sa iba't ibang responsibilidad,

kadalasan ay nahihirapan ang mga mag-aaral na may gampanin sa pamumuno na tapusin ang nakalaang proyekto at takdang-aralin sa silid-aralan. Ito ay nagiging ugat ng pagka-antala sa akademikong pagganap ng mag-aaral at humahantong sa hindi wastong pagsumite sa takdang oras ng pagpasa (Pedroso et al., 2023; Jha, 2020).

Gayunpaman, ang pag-aaral na ito ay naglalayong mahalungkat at mabatid ang iba't ibang karanasan ng mga opisyales sa organisasyong PNOY ng KCAST at kung paano nila nilabanan ang iba't ibang hamon sa kanilang buhay. Tuwing taon ng panuruan ay nagpapalit ang PNOY ng mga opisyales o lider nito, isang taon din ang paninilbihan ng mga mag-aaral na kasapi sa nabanggit na organisasyon. Bawat opisyales ay may ginagampanang papel kaya bawat isa ay may kanya-kanyang responsibilidad na kailangan pagtuunan ng pansin, gayundin sa kanilang pag-aaral. Sa kabilang banda, ang pamumuno sa isang organisasyon ay maaaring makatulong sa pag-unlad sa sariling kakayahan sa pakikipagkomunikasyon, pakikipag-ugnayan at pagbuo ng malakas na relasyon tungo sa ibang tao. Dahil ito ay nagbibigay-diin at linaw sa karansan ng mag-aaral na may sabay na responsibilidad, kanilang pamamaraan sa pagharap sa iba't ibang hamon at pananaw hinggil sa ginagampanang papel sa akademiko at organisasyong PNOY, ang pag-aaral na ito ay maaaring magkaroon ng malaking ambag sa lipunan lalo na sa mga mag-aaral ng intitusyon ng KCAST. Ang pagsusuri sa kanilang karanasan bilang mga lider at ang pagpapabuti ng kanilang akademikong pagganap ay makakatulong upang matukoy ang iba pang aspekto na maaaring magbigay ng karagdagang suporta, kabilang ang ilang mga estratehiya na maaaring ilapat ng mga estudyante. Bilang karagdagan, ang magiging resulta ng pag-aaral na ito ay mag-aalok ng konkretong detalye ng impormasyon sa mga guro, mag-aaral, mambabasa at sa mga mananaliksik sa hinaharap.

Sa dakong ito, may mga internasyunal na pag-aaral ang nagbibigay-diin sa iba’t ibang hamon na kinakaharap ng mga estudyanteng lider habang pinapanatili ang kanilang mataas na marka sa akademiko. Sa pag-aaral na may pamagat na *Student Leadership Roles and Its Impact on Academic Performance* ni Njaramba et al. (2022), tinatalakay dito ang positibo at negatibong dulot sa pagsasabay ng pag-aaral at pamumuno. Sa kabilang banda, pinangatuwiranan sa pag-aaral na *Cultivating International Student Leadership Self-Efficacy* na isinagawa ni Mushfiq (2023), na sa pamamagitan ng wastong suporta ng institusyon, mapapahusay ng mga mag-aaral ang kanilang kumpiyansa sa sarili at kakayahan upang pamahalaan mga responsibilidad sa akademiko at pamumuno. Samantala, sa pag-aaral naman ni Martínez et al. (2022) na *Addressing Leadership Effectiveness for Student Academic Engagement*, partikular itong tumatalakay sa pagkakaroon ng malalim na determinasyon sa pamumuno na nakakaimpluwensya sa positibong karanasan ng mga mag-aaral sa akademiko.

Gayunpaman, sa pamamagitan ng paggamit ng isang penomenolohikal na pamamaraan upang siyasatin ang iba't ibang pananaw ng mga kalahok, layunin ng pag-aaral na ito na punan ang isang kapansin-pansing kakulangan sa pananaliksik sa literatura hinggil sa ganitong sitwasyon sa *Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology*. Umaasa ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga tao na may *dual* na responsibilidad na mas maunawaan ang kanilang mga motibo, kahirapan, at mga karanasan na nagbago ng buhay.

Upang magkaroon ng puwang at magbigay-silbi sa larangan ng akademiko at mapakinabangan nang husto ang resulta sa pag-aaral, napagdesisyunan ng mananaliksik na ito ay ilathala sa internet, aklatan at dyornal upang madaling makita ng mga mag-aaral sa iba’t ibang panig ng bansa. Ang pananaliksik ay bukas at libreng maakses ng lahat ng sinumang nagnanais na makakuha ng impormasyon hinggil sa pagsasabay ng akademiko at organisasyong tungkulin, lalo na sa mga mag-aaral na kabilang sa *President’s Honor List.* Ang silid-aklatan at ang *Research and Development Office* ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology* ay magkakaroon ng kabuoang kopya ng pag-aaral upang masiguro na magagamit ito ng mga mag-aaral at guro ng institusyon.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang kwalitatibong pananaliksik na ito ay naglalayong tugunan ang mga mambabasa ng sapat na kaalaman hinggil sa karanasan ng mga mag-aaral na lider ng isang organisasyon at ang kanilang pagkamit sa akademikong tagumpay. Gayundin, ang matuklasan ang mga hamon, mga ginamit na instrumento upang madaig ang iba't ibang hamon. Nang malaman din ang pananaw ng mga estudyanteng lider ng PNOY na isang organisasyon ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology.*

Ninanais ng mananaliksik na sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, mailahad ang buhay at karanasan ng mga bida sa pananaliksik na ito nang sa gayon ay mabigyan sila ng pagkakataon na maibahagi ang kanilang mga pinagdaanan. Panghuli, upang maging tulay ito sa mga mambabasa na mamulat sa reyalidad na ginagampanan ng mga mag-aaral na may dobleng responsibilidad. Maging, ang pagbukas sa isipan ng mga mag-aaral na hindi madali at walang tagumpay na hindi dadaan sa maraming proseso.

### Mga Katanungan sa Pananaliksik

Nais matuklasan ng mananaliksik ang naging karanasan ng mga mag-aaral na opisyales ng PNOY upang maintindihan at magbigay-kabatiran sa mambabasa maging sa ibang opisyales kung ano ang pamamaraan na ginamit upang pamahalaan ang dobleng tungkulin at kung paano ito nakaaapekto sa kanilang pagganap sa akademiko. Sa pamamagitan ng penomenolohikal na pamamaraan, sisikapin ng pananaliksik na ito na masagot ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano-ano ang mga naging karanasan ng mga mag-aaral bilang isang opisyal ng PNOY kasabay ng pang-akademikong responsibilidad?
2. Paano hinarap ng mga mag-aaral ang iba't ibang hamon sa pagsasabay ng responsibilidad?
3. Ano ang pananaw ng mga mag-aaral sa pagganap sa tungkulin bilang isang opisyal at sa pagtupad sa kinakailangang marka ng mga mag-aaral sa *Education program*?

## III. TEORETIKAL NA POKUS

Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa *Cognitive Development Theory* ni Piaget (1936). Ang teoryang ito ay may kinalalaman sa kognitibong aspekto ng tao, kung paano nito nahubog at napaunlad ang kaniyang kaalaman sa pamamagitan ng pakikipagsalamuha sa ibang tao sa kaniyang paligid. Dito, ang tao ay bumubuo ng sariling pag-unawa sa mundo sa pamamagitan ng direktang interaksyon at komunikasyon sa ibang tao. Ayon sa teoryang ito, habang ang bawat tao ay nakakaranas ng iba't ibang sitwasyon, ang ideyang nangingibaw sa sitwasyong ito ay nakukuha at lumalago sa isipan ng tao.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, maaaring maiuugnay ang teorya ni Piaget sa sitwasyon na mayroon ang mga kalahok sa pag-aaral. Ang tungkulin sa akademiko habang gumaganap sa responsibilidad sa organisasyon ay parehong sumasalamin sa iba't ibang karanasan, kung kaya ang mga karanasang ito ay maaaring magdulot ng kaunlaran sa kognitibong aspekto ng mga mag-aaral. Ang karanasang ito ay nakahuhubog sa pag-unawa ng mga mag-aaral hinggil sa mga nangyayari sa kapaligiran, lalo na sa larangang kanilang tinahak at pinasukan. Ang kaalamang natamo ay maaaring magsilbing pundasyon ng mga mag-aaral sa pagharap sa iba't ibang hamon sa akademiko maging sa organisasyon. Gagabay ang mga karanasang ito para sa mas maayos at matiwasay na pamamahala sa mga gawaing nakadestino sa ginampanang responsibilidad.

Sa pag-aaral na ito, magiging basehan din ang *Self-efficacy Theory* ni Bandura (1977). Sa teoryang ito nalalaman ang pananaw ng isang indibidwal hinggil sa kaniyang kakayahang gawin ang isang bagay nang may malakas na paniniwala sa sariling kaalaman. Dito, ang indibidwal ay maaaring magtagumpay sa anumang uri ng gawain na pinili base sa kaniyang kakayahan na pamahalaan ang mga ito. Ito ay may malaking impluwensiya sa kung paano harapin ng bawat tao ang iba't ibang pagsubok sa napiling gawain. Ayon kay Bandura, ang *self-efficacy* ay may papel sa paggawa ng tao ng desisyon, kilos at pagganap, maging sa emosyonal at mental na aspekto.

Ang teorya ni Bandura ay maaaring maiuugnay sa konteksto ng pag-aaral na ito. Ang mananaliksik ay naniniwala na ang pagkakaroon ng positibong pananaw sa isang bagay upang matugunan ang kinakailangang kilos ay nagdudulot ng maayos at makabuluhang resulta sa gawain. Nangangahulugan lamang ito na ang matagumpay na gawain ay sumasalamin sa taong may mataas na epikasiya sa kaniyang sarili o pagganap bilang epektibong mag-aaral at lider sa isang organisasyon. Samantalang ang kabaligtaran nito ay ang mababang epikasiya o ang hindi epektibong pagganap sa naturang gawain na nagdudulot ng takot, kabiguan at pagbaba ng kumpiyansa sarili. Ngunit, ito ay nakasalalay sa taong may hawak ng responsibilidad, maaaring doble, triple o maramihang tungkulin na maaaring magdulot sa mga mag-aaral ng mataas o mababang *self-efficacy.*

Ang panghuling batayan ng pananaliksik na ito ay ang *Self-determination Theory* nina Deci at Ryan (1985). Ang teoryang ito ay nagbibigay-diin sa motibasyon at personalidad ng tao, partikular na sa dalawang uri ng motibasyon. Ang mga ito ay: ang *Intrinsic motivation* o ang panloob na motibasyon na nagsasagawa ng gawain base sa sariling kagustuhan, interes at kasiyahang dulot sa sarili sa pagganap sa gawain; at ang *Extrinsic motivation* o panlabas na motibasyon naman ay humihikayat sa tao na gawin ang isang bagay dahil ito ay may kapalit na parangal at upang maiwasan ang anumang kapalit na parusa kung ito ay hindi matutugunan. Ang teorya ring ito ay nagtatampok ng mahalagang papel sa pagtupad sa pangunahing pangangailangan at pangkalahatang motibasyon ng indibidwal.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, maaaring maging batayan ang teorya nina Deci at Ryan dahil ang bawat kalahok ay ginagabayan ng panloob at panlabas na motibasyon. Ang pagsasabay ng responsibilidad sa akademiko at organisasyon ay nangangailangan ng malakas na motibasyon upang matugunan nang maayos ang gawaing nakapaloob sa ganitong sitwasyon. Sa akademikong larangan at tungkuling pang-organisasyon, ang dalawang uri ng motibasyon na ito ay may mahalagang kontribusyon sa pagganap ng mga mag-aaral na opisyales. Hindi lamang dahil sa anumang mga gantimpala, kundi maging sa personal na kagustuhan na mapalawak ang kaalaman kahit walang pabuya. Ito ay tumutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng paninindigan sa pinasok na pintuan. Dahil dito, hinahayaan nila ang sariling umunlad at lumago sa sariling pamamaraan.

## IV. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay nagbibigay-diin sa metodolohiya ng pananaliksik. Naglalaman ito ng mga pamamaraan at proseso na ginamit ng mananaliksik upang makamit ang naitatag na layunin sa pag-aaral. Bukod dito, ang disenyo ng pananaliksik at mga kalahok sa pag-aaral.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik na ito ay nakatuon sa penomenolohikal na disensyo. Ito ay nauugnay sa paggalugad at kamalayan sa pansariling karanasan, ideya, persepsyon, opinyon, paniniwala at

pangyayari sa buhay ng taong respondente ng pag-aaral. Ayon sa pag-aaral, ipinaliwanag na ang kwalitatibong pananaliksik ay nakapokus sa pangangalap at pagsusuri ng mga datos, yaong hindi masususkat ng mga numero ngunit maaaring makakuha ng malalim na pag-unawa sa konsepto at pananaw. Ang pangunahing layunin ng disenyong ito ay usisaing mabuti ang paksa upang magbigay ng komprehensibong pananaw at nagbibigay ng kabatiran para sa mga mananaliksik sa hinaharap (Bhandari, 2020).

Bilang koneksyon, ang penomenolohikal na disensyo ay nauugnay sa pagbibigay-kahulugan sa kabuluhan ng karanasan na konektado sa konsepto o pangyayari sa buhay ng maraming indibidwal. Dagdag pa, ang penomenolohiya ay ang pag-aaral sa kahulugan ng pangyayari. Mula sa pananaw ng mga tao, sinsentro ng penomenolohiya ang karanasan ng bawat indibidwal na siyang partisipante ng pananaliksik. Ang bawat impormasyon ay gagamitin lamang upang maging batayan para sa layunin ng pag-aaral (Creswell, 2013; Cleland, 2017).

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang penomenolohiyang pag-aaral nang sa gayo'y mausisa ng mabuti ang bawat karanasan ng mga kalahok. Kabilang dito ang kanilang ginamit na estratehiya sa pagharap sa iba't ibang hamon at pananaw sa pagganap sa tungkulin bilang opisyal ng organisasyong PNOY at sa pagkamit ng kinakailangang marka sa *Education Program.* Sa ganitong kaparaanan, makatutulong ang resulta ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagbuo ng rekomendasyon upang maiwasan ang mga suliraninang 'di inaaasahan.

**Mga Kalahok sa Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay may pangunahing kalahok na mula sa Medyor sa Filipino ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology* na matatagpuan sa bayan ng kapalong. Ang napiling respondente ay sampo (10) na mga opisyales ng PNOY kasama ang dating namumuno rito na kasalukuyang kasali sa *President's Honor List.* Hinati ang mga kalahok sa dalawang grupo. Ang lima (5) ay kumakatawan sa *In-Depth Interviews* (IDI) o ang pinalalim na panayam at ibang lima (5) naman sa grupong talakayan o *Focus Group Discussion* (FGD).

Ang ginamit na teknik ng mananaliksik ay *purposive sampling.* Ito ay isang paraan ng pagpili ng mga kalahok batay sa kanilang mga katangian at ang layunin ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng teknik na ito, ang mananaliksik ay pumili ng mga partisipante na may tiyak na katangian, karanasan, kaalaman at interesadong maging bahagi ng pag-aaral. Ginamit din ng mananaliksik ang *convenience sampling*. Ang teknik na ito ay nakatuon sa pagpili ng mga taong madaling maabot at makaugnayan. Ito ay karaniwang ginamit ng ibang mananaliksik dahil ito ay hindi kumplikado sa paghahanap ng mga kalahok (Bullard, 2024; Fleetwood, 2023).

Sa proseso ng pagpili ng partisipante, ang mananaliksik ay mahigpit na nakabatay sa mga sumusunod na kriterya: Una, ang mga partisipante ay dapat naka-enrol sa kursong Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ng KCAST. Ikalawa, ang partisipante ay dapat na napabilang sa *President's Honor List.* Panghuli, isang opisyal ng organisasyong PNOY, kabilang na rito ang dating mga opisyales. Hinangad ng mananaliksik na sila ay maging partisipante upang malaman at matuklasan ng ibang indibidwal ang kanilang karanasan nang sa gayo'y maipabatid din sa iba ang hirap na kanilang pinagdaanan.

**Pamamamaran sa Pagkalap ng Datos**

Ang mananaliksik ay bumuo ng isang gabay na panayam para sa pangkatang talakayan at masusing panayam. Ito ay naglalaman ng mga pangunahing tanong at mga sumusuportang tanong upang bigyang linaw ang naturang karanasan ng mga mag-aaral, maging ang kanilang pamamaraan sa pagharap ng hamon at pananaw hinggil sa sitwasyon. Ang mga tanong na ito ay binigyang permiso sa pamamagitan ng masusing proseso ng pagsusuri ng tatlong tagapagbalido ng mga tanong. Ang intsrumentong ito ay nakakuha ng kombinasyong marka na 7.3 sa kabuoang marka na 8. Bukod dito, ang maaasahang gabay na mga tanong na ito ay nakatulong sa pagtamo ng resulta ng pag-aaral.

Ang mananaliksik ay nagsumikap na malaman kung paano nalagpasan ng mga tao ang isang partikular na tagpo o penomenon sa pang-araw-araw na buhay. Kung kaya, ang mananaliksik ay pumili ng maayos at naaangkop na pamamamaran ng pagkalap ng mga datos upang makuha ang natatanging diwa ng mga karanasan ng bawat kalahok. Dahil dito, ang mananaliksik ay gumamit ng saklaw ng mga pamamaraan at pag-iingat habang nangangalap ng datos. Ang mga hakbang na ito ay mahigpit na ipinatupad upang umayon sa etikal na pamantayan ng pag-aaral at masiguro ang katapatan at mapagkakatiwalaang resulta ng pag-aaral.

Una, ang gabay sa panayam ay dumaan muna sa tagapayo upang linawin kung may kulang o mali ang mga tanong. Pagkatapos, ipinasa ito ng mananaliksik sa tatlong panelista upang magkarooon ng masusing pagtatasa. Matapos itong aprobahan ng mga panelista, agad isinumete ng mananaliksik ang liham pahintulot sa institusyon kung saan nilalayong ganapin ang pag-aaral. Nang ito ay inaprubahan at nilagdaan ng mga awtorisadong tauhan ng institusyon, ipinaalam ng mananaliksik sa mga kalahok ang impormasyon hinggil sa layunin ng pag-aaral nang personal, kasama na rito ang karapatan, kompidensiyalidad at kalayaang umurong sa pag-aaral. Kasunod nito, naghanda ang mananaliksik ng mga kinakailangang materyales sa pagsasagawa ng pinalalim o *In-Depth Interviews* (IDI) at *Focus Group Discussion* (FGD) o grupong talakayan. Kabilang sa mga

materyales na ginamit ay ang *audio recorder* at ang nakahanay na mga tanong para sa panayam. Pagkatapos nito, agad nagsagawa ang mananaliksik ng limang pinalalim na panayam at parehong bilang para sa grupong talakayan. Matapos ang mabusising panayam, ang bawat impormasyon at sagot ng mga kalahok ay dokumentado ng mananaliksik na siyang isinalin sa pormal na anyo ng wikang Filipino.

Sa konteksto ng pangangalap ng impormasyon, ang bawat datos na ibinahagi ng partisipante ay binigyan ng kumpleto at sapat na kompidensyalidad sa pamamagitan ng maingat na kudigo o *coding methods*. Ang identidad ng bawat partisipante ay hindi maaaring isiwalat sa alinmang mga papel o ulat. Ang lahat ng kaugnay na mga datos ng partisipante ay nasigurong nakatago at ginamit na gabay lamang para sa imbestigasyon.

**Pag-aanalisa ng mga Datos**

Alinsunod sa mga layunin at pamantayan ng pananaliksik, ang mga datos sa pag-aaral na ito ay minabuting sinuri at inusisa. Sa pagsusuri ng mga datos, ginamit na batayan ng mananaliksik ang pamamamarang nakabatay sa pitong mga hakbang sa pangangalap ng datos ni Collaizi (1978). Ang pitong mga hakbang na ito ay ang sumusunod: (1) pagsusuri sa nakalap na datos; (2) pagkuha ng makabuluhang pahayag; (3) pagbibigay-kahulugan sa nakuhang pahayag; (4) pagpapangkat-pangkat ng mga kahulugan sa mga tema; (5) paglalarawan batay sa penomena; (6) kahalagahan ng penomena; at (7) pag-beripika ng mga natuklasan.

Ang unang hakbang sa proseso ng pangangalap ng datos ay ang pagsusuri sa nalikom na mga datos mula kalahok ng pag-aaral. Sa pamamagitan nito, nalaman ng mananaliksik ang iba't ibang hamon sa buhay ng mga opisyales ng PNOY. Gayundin, ang paraang ginamit ng nga kalahok upang malagpasan ang bawat hamon, maging ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa pagganap sa tungkulin.

Ikalawa, ang pagkuha ng makabuluhang pahayag. Alam natin na bawat pahayag na nanggaling mula sa mga kalahok ay may katumbas na kahalagahan. Ngunit, upang bigyang-diin ang layunin, pinili lamang ng mananaliksik ang mga pahayag na naglalaman ng may pinakamahalagang impormasyon na may kinalaman direkta sa paksa. Halimbawa, ang mga pahayag na naglalarawan sa mga hamon at tagumpay bilang opisyal at estudyante.

Ikatlo, ang pagbibigay-kahulugan sa nakuhang pahayag. Pagkatapos makuha ang makabuluhang pahayag, ang mga ito ay binigyang-kahulugan batay sa konteksto ng mga karanasan, hamon at pananaw ng mga kalahok. Ito ay dumaan sa masusing proseso dahil naniwala ang mananaliksik na ang gawaing ito ay hindi madali at nangangailangan ng oras at panahon.

Ika-apat, ang pagpapangkat-pangkat ng mga kahulugan sa mga tema. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ginamit na batayan ng mananaliksik ang pagkilala sa pangunahing tema, pag-uuri sa mga sagot at pagsusuri sa relasyon ng tema. Sa pamamagitan ng prosesong ito, nasiguro ng mananaliksik ang organisado at tumpak na pagpapangkat-pangkat ng mga kahulugan.

Ikalima, ang paglalarawan batay sa penomena. Sa hakbang na ito, inilahad ng mananaliksik ang karanasan ng bawat kalahok sa pangangasiwa ng organisasyon at pagganap sa akademiko. Mula sa ika-apat na hakbang, ibinuod ang mga kahulugan ng tema at ipinaliwanag nang maigi kung paanong ang bawat aspekto ng karanasan bilang opisyal ay mauugnay sa pang-akademikong tagumpay. Ang paglalarawan ay detalyado upang maipakiya ang esensya ng dobleng papel na ginagampanan ng mga kalahok.

Ikaanim, ang kahalagahan ng penomena. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, inilahad ng mananaliksik ang kahalagahan ng karanasan ng bawat kalahok sa dobleng responsibilidad. Ipinahayag kung paano ang kanilang karanasan ay humubog sa kanilang personal na pag-unlad.

Panghuli, ang pag-beripika ng mga natuklasan. Upang masiguro na tama ang nga umusbong na tema, sa hakbang na ito binigyang-diin ang kawastuan ng impormasyon. Kinumpirma ng mananaliksik ang iba't ibang impormasyon mula sa mga kalahok, kung ito ba ay tumpak at naaayon sa kanilang karanasan. Tiniyak ng mananaliksik na ito ay wasto sa pamamagitan ng ebidensya mula sa kalahok.

## V. RESULTA AT DISKUSYON

**Propayl ng mga Kalahok**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral sa BSED Filipino ng KCAST, kung saan, ang mga naging opisyales ng organisasyong PNOY na kasalukuyang kabilang sa *President's Lister.* Mula sa ipinakita sa Talahanayan 1, nakilahok ang sampong (10) kabuoang partsipante sa pag-aaral. Ang apat (4) ay mula sa ikaapat na taon, parehong apat (4) naman ang galing sa ikatlong taon, at dalawa (2) ang nagmula sa ikalawang taon. Sa malalimang panayam, lima (5) ang kabuoang bilang ng partisipante. Ang apat (4) ay nagmula sa ika-apat na taon at ang isa (1) ay galing sa ikatlong taon. Habang, ang tatlong (3) mag-aaral mula sa ikatlong taon at dalawa (2) mula sa ikalawang taon na may kabuoang bilang na lima (5) ang napabilang naman sa pangkatang talakayan.

**Talahanayan 1. Propayl ng mga Kalahok**

| Pinalalim na Panayam Ngalang Sagisag | Edad | Kasarian | Antas ng Taon sa Kolehiyo | Code |
|---|---|---|---|---|
| Tuklas | 22 | Babae | Ika-apat | IDI-01 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Matulungin | 22 | Babae | Ika-apat | IDI-02 |
| Maabilidad | 21 | Lalaki | Ika-tatlo | IDI-03 |
| Masaya | 23 | Babae | Ika-apat | IDI-04 |
| Mahiyain | 22 | Babae | Ika-apat | IDI-05 |
| **Kabuoan = 5** | | | | |
| **Pangkatang Talakayan Ngalang Sagisag** | **Edad** | **Kasarian** | **Antas ng Taon sa Kolehiyo** | **Code** |
| Pinuno | 21 | Babae | Ika-tatlo | FGD-01 |
| Maalam | 21 | Lalaki | Ika-tatlo | FGD-02 |
| Disiplinado | 20 | Lalaki | Ikalawa | FGD-03 |
| Mapanuri | 19 | Babae | Ikalawa | FGD-04 |
| Kumpiyansa | 20 | Babae | Ika-tatlo | FGD-05 |
| **Kabuoan = 5** | | | | |

Ang bawat kalahok sa malalimang panayam at pangkatang talakayan ay sumagot sa parehong bilang at hanay ng mga tanong. Bawat isa ay pinili batay sa kanilang mga personal na karanasan hinggil sa pagiging isang *President's Lister* kasabay ng tungkulin bilang opisyales ng PNOY. Ang parehong panayam ay isinagawa sa pamamagitan ng personal na komunikasyon na nagbigay-daan upang mas maayos at malinaw na maipahayag ng mga kalahok ang kanilang tugon sa mga katanungan. Ang mga kalahok ay hindi sumailalim sa anumang pamimilit at pananakot bagkus, sila'y kusa at taos-pusong nakilahok at umayon sa layunin ng pananaliksik. Isinaalang-alang ng mananaliksik ang *voice recorder* na ginamit upang maayos na maitala ang mga sagot ng mga kalahok at maiwasan ang anumang paglabag sa prinsipyo ng kompidensyalidad.

**Karanasan ng mga Mag-aaral bilang isang Opisyal ng PNOY o Pilipinong Nagpapayabong sa Orihinal na Yaman, kasabay ng Pang-akademikong Responsibilidad**

Ang tanong na ito sa pag-aaral ay nagpapakita ng mga karaniwang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasabay ng responsibilidad, batay sa kanilang mga saloobin, pananaw at hamon. Sa pamamagitan ng mga tugon na ibinahagi ng mga partisipante, lumitaw ang limang (5) pangunahing tema: (1) suliranin sa pagsasabay ng responsibilidad, (2) pagkakaroon ng *stress* at *pressure*, (3) kakulangan sa tulog at pahinga, (4) nahasa ang pakikipag-komunikasyon at pakikipag-ugnayan, at (5) pagkakaroon ng kumpiyansa sa sarili. Ang mga temang ito ay nagpapakita sa mga hamon na naranasan ng mga mag-aaral sa pagsasabay ng mga tungkulin.

**Talahanayan 2. Mga Pangunahing Tema at Ideya sa mga Karanasan ng mga Mag-aaral bilang isang Opisyal ng PNOY kasabay ng Pang-akademikong Responsibilidad**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Suliranin sa Pagsasabay ng Responsibilidad** | • *"May mga pagkakataon na kailangang tapusin ang financial report at may eksaminasyon, hindi ako makapagpokus dahil may kailangan akong gawin bukod sa pag-aaral."* -IDI-02<br>• *"Malaki ang epekto nito sa oras, ito ay dahil kinakailangan mong maglaan ng oras para sa klab, kung kaya't mababawasan ang oras para sa iyong pag-aaral."* -IDI-03<br>• *"Sobrang hirap talagang pagsabayin ang pagpapanatili ng pamantayang marka upang makapasok sa Dean's Lister at saka isasabay pa ang responsibilidad sa organisasyon. Mahirap kasing tumalima sa mga requirements."* -FGD-01<br>• *"Nagkaroon ako ng kaunting oras para sa ibang mga gawain, lalong lalo na sa akademiko. Minsan, hindi ako makapagpokus sa oras ng klase dahil may iba akong iniisip."* -FGD-03 |
| **Pagkakaroon ng *Stress* at *Pressure*** | • *"Nakakapagdulot siya ng stress dahil hindi mo mabalanse ng maayos ang iyong mga gawain."* -IDI-01<br>• *"Mataas na pressure at stress dahil layunin ko ang makakuha ng mas mataas na marka para sa second honor list na dapat hindi bumaba ang marka, nangunguna sa eksaminasyon at kailangang makamit ang napakataas na ekspektasyon."* -IDI-02<br>• *"Sobrang nakaka-stress at nakaka-pressure, lalo na kapag may mga kaganapan, kagaya noong unang semestre na Buwan ng Wika at TEG day."* -FGD-01<br>• *"Ninais kong magpatuloy na maging isa sa President's Lister hanggang ako'y makatapos, kaya ito ay nagdudulot sa akin ng stress at pressure sa akademikong pagganap."* -FGD-04 |

| | |
|---|---|
| **Kakulangan sa Tulog at Pahinga** | • *"Kulang na kulang narin kami sa tulog minsan, dahil kahit tapos na naming gawin yung responsibilidad namin sa akademiko, may ibang mga bagay pa kaming dapat gawin sa pagpaplano para sa organisasyon."* -FGD-01<br>• *"Nawawalan ako ng sapat na pahinga at tulog, lalong lalo na kapag may mga aktibidad at pagpupulong. Ang hirap kasi sa akin ay malayo ang bahay ko, kaya kinakailangan ko pang bumiyahe, tapos may minsan pa na matagal kaming makauwi."* -FGD-04<br>• *"Wala na akong sapat na tulog at pahinga dahil kahit tapos ang mga gawain sa paaralan at napasa mo na ang dapat ipasa, kailangan parin talagang tumupad sa tungkulin sa PNOY."* -FGD-05 |
| **Nahasa ang Pakikipagkomunikasyon at Pakikipag-ugnayan** | • *"Nahasa ang aking kakayahan sa pakikipagkomunikasyon at pakikipag-ugnayan sa ibang tao."* -FGD-01<br>• *"Ang aking sarili ay nagbago talaga dahil sa paulit-ulit na na pagpasok sa opisina. Dati, ako ay mahiyain, ngunit dahil sa pagsasanay, naging maayos na rin ako sa pakikipag-usap sa mga guro at instruktor."* -FGD-02<br>• *"Napabuti ko ang aking kasanayan sa komunikasyon na maaari kong magamit sa loob ng silid-aralan."* -FGD-05 |
| **Pagkakaroon ng Kumpiyansa sa Sarili** | • *"Dahan-dahan akong nagkaroon ng kumpiyansa sa aking sarili na makakaya kong harapin ang lahat ng mga suliraning pang-akademikong aking kahaharapin sa hinaharap."* -FGD-01<br>• *"Nagtiwala ako sa aking sarili na kahit opisyal ako, napatunayan ko sa aking sarili na kaya ko pala, kaya ayon may kumpiyansa na ako sa aking sarili."* -FGD-02<br>• *"Ang pagiging isang opisyal sa organisasyon ay humuhubog sa akin para hindi na mahihiya pang harapin ang mga tao."* -FGD-03<br>• *"Mahiyain ako nang magsimula sa PNOY, pero nang nagpatuloy ako, parang nagkaroon ako ng kumpiyansa sa sarili, nakikipag-usap na ako sa ibang tao na magagamit ko rin sa loob ng silid-aralan."* - FGD-05 |

**Suliranin sa Pagsasabay ng Responsibilidad**

Sa temang ito, ipinapakita kung paano naging apektado ang mga gawain at tungkulin ng mga kalahok sa kanilang pagganap sa dalawang magkasabay na responsibilidad. Ang temang ito ay may kinalaman sa oras at pag-pokus ng mga mag-aaral sa kanilang mga gawain. Base sa kanilang mga tugon, kailangan nilang maglaan ng sapat na oras para sa gamapanin sa klab, dahil dito, nababawasan ang oras na dapat para lang sa akademiko at ito ay nagdudulot ng kawalan ng pokus sa klase dahil sa iba pang mga iniisip liban sa pag-aaral.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay pinagtibay sa pag-aaral nina Tayab et al. (2024), na nagsasabing ang suliranin sa pagsasabay-sabay ng mga gawain ay nagdudulot sa mga mag-aaral ng matinding *stress.* Nahihirapan silang balansehin ang mga tungkulin sa organisasyon at akademikong gawain, na nagreresulta sa pagkapagod at kakulangan sa oras para sa personal na pagpapahinga. Dagdag pa, nakakaranas din sila ng emosyonal na pagod dulot ng presyur sa pagiging epektibo sa parehong larangan.

**Pagkakaroon ng S*tress* at *Pressure***

Sa temang ito nakapaloob ang iba't ibang mga tugon ng mga mag-aaral sa kanilang karanasan bilang estudyante na kabilang sa *President's Lister* habang gumaganap na opisyales ng PNOY. Lumitaw ang pangalawang tema bilang isa sa mga hamon na kanilang naranasan sa loob ng kanilang termino sa organisasyon. Dito, itinampok ng mga mag-aaral ang kanilang karansan sa pagiging abala sa kaniya-kaniyang mga tungkulin, kung paano sila nagkaroon ng *stress* at *pressure.*

Ang datos mula sa pananaliksik na ito ay nagpapatunay sa pag-aaral nina Ocaña-Moral et al. (2021) na ang mataas na antas ng *stress* na dulot ng pagsabay ng mga responsibilidad ay may negatibong epekto sa kabuuang kalusugan at pagganap ng mga estudyante. Natuklasan na ang *stress* na ito ay maaaring humantong sa pagbaba ng kasiyahan sa buhay at maging sanhi ng emosyonal at mental na pagod. Dahil dito, bumababa ang kanilang konsentrasyon, motibasyon at produktibidad, na nakaapekto hindi lamang sa akademiko kundi pati na rin sa kanilang mga tungkulin sa organisasyon.

**Kakulangan sa Tulog at Pahinga**

Ang ikatlong tema na ito nagbibigay-diin sa mga hamon na kinakaharap ng mga partisipante sa pamamahala ng oras nang maigi dahil sa mga naguumpugan na responsibilidad. Maraming mga kalahok ang nakakaranas ng kakulangan sa tulog habang pinagkakasya ang maraming mga gawain, tulad ng mga akademikong gawain, mga tungkulin sa organisasyon at paghahanda sa mga aktibidad. Kahit matapos na nilang gawin ang pangunahing mga responsibilidad, madalas pa rin silang nabibigatan ng mga karagdagang gawain, na nag-iwan ng kaunting oras para sa sapat na pahinga.

Ayon sa pag-aaral, ang kakulangan sa tulog ay may negatibong epekto sa konsentrasyon, produktibidad at emosyonal na estado ng mga estudyante, na sumusuporta sa naging resulta ng pananaliksik na ito. Ang mga mag-aaral na hindi nakakakuha ng sapat na tulog ay mas madaling makaranas ng *stress*, pagka-irita at pagbaba ng kanilang akademikong pagganap. Bukod dito, ang epekto ng kakulangan sa pahinga ay hindi lamang nakikita sa akademikong aspeto kundi maging sa pangkalahatang kalusugan at kalidad ng buhay ng mga estudyante. Kaya naman, mahalagang mapahusay ang kasanayan sa pamamahala ng oras at pagpapahinga upang mapanatili ang balanseng pamumuhay at matamo ang mas mataas na akademikong tagumpay (Kayaba et al., 2020).

**Nahasa ang Pakikipagkomunikasyon at Pakikipag-ugnayan**

Sa paglahok ng mga partisipante sa pag-aaral na may kinalalaman sa pagsasabay ng responsibiladad sa akademikko at tungkulin sa organisasyong PNOY, lumitaw na malinaw na pinahusay ang kanilang mga kasanayan sa pakikipagkomunikasyon at pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Ang mga karanasan ay nagdala ng malaking pag-unlad sa kasanayan sa pakikipag-usap. Ang paulit-ulit na pakikisalamuha sa kapwa ay nagbigay-daan sa mas mahusay na pagpapahayag ng sarili at mas kumpiyansang pakikitungo sa iba.

Ayon sa pag-aaral na sumusuporta sa mga natuklasan ng pananaliksik na ito, ang matibay na kasanayan sa komunikasyon ay mahalaga para sa mga estudyanteng lider upang epektibong makipag-ugnayan at makilahok sa kanilang mga kasama. Natuklasan na ang mga lider na may kakayahang malinaw na ipahayag ang kanilang emosyon at pagiging sensitibo sa damdamin ng iba ay mas madaling nakabubuo ng ugnayan sa pamamagitan ng pagpapakita ng empatiya at pag-unawa. Bukod dito, ipinapakita rin sa pananaliksik na ang kasanayan sa komunikasyon ay nagpapahintulot sa mga estudyanteng lider na magpakilos, mag-impluwensiya at magbigay ng solusyon sa mga suliranin nang mas epektibo. Kaugnay nito, binibigyang-diin ang kahalagahan ng patuloy na pagsasanay at pagbibigay ng pidbak, gaya ng pagsasagawa ng pampublikong pagsasalita at aktibong pagganap sa kanilang mga tungkulin, upang higit pang mapalakas ang kanilang kakayahan sa komunikasyon sa paglipas ng panahon (Riggio, 2024).

**Pagkakaroon ng Kumpiyansa sa Sarili**

Ang mga karanasan ng mga kalahok ay nagdulot ng malaking pagtaas sa kanilang kumpiyansa sa sarili. Sa pamamagitan ng pagharap sa mga hamon at responsibilidad, natutunan nilang magtiwala sa kanilang sariling kakayahan. Unang-una, napatunayan nila na kaya nilang lampasan ang mga suliraning pang-akademiko at iba pang mga pagsubok, na nagbigay-daan sa mas matatag na paniniwala sa sarili.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay pinagtibay sa pag-aaral noong 2021, na nagpapakita na ang mataas na pagpapahalaga sa sarili ay isang mahalagang salik sa pagpapalakas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral bilang lider. Ang kumpiyansang ito ay nagbibigay-daan sa kanila na magsagawa ng mga inisyatiba, gumawa ng mahahalagang desisyon, at epektibong mamahala ng mga gawain. Dagdag pa rito, ipinakita rin sa kanyang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may matibay na tiwala sa sarili ay mas handang manguna sa mga aktibidad, magbigay ng direksyon, at hikayatin ang iba sa pakikipagtulungan (Gunel, 2021).

**Paano nalampasan ng mga Mag-aaral ang mga Hamon sa Pagsasabay ng Responsibilidad bilang isang Opisyal ng Organisasyong PNOY at Pagganap sa Akademiko**.

Sa ikalawang katanungan na ito, mula sa pag-analisa ng mga pahayag galing sa mga tugon ng mga partisipante, lumitaw ang limang (5) tema: (1) epektibong pamamahala sa oras, (2) pagtatakda ng priyoridad, (3) maagang pagpaplano sa mga gawain, (4) paghingi ng payo, at (5) maging bukas sa opinyon at ideya ng iba. Ang mga temang ito ay nagsilbi bilang mahalagang sandigan at nagbigay ng tulong upang malampasan ang mga hamon, na nagpapalakas sa kanilang pagganap at pagharap sa mga pagsubok sa araw-araw.

**Talahanayan 3. Mga Pamamaraan ng mga Mag-aaral sa Pagharap sa mga Hamon sa Pagsasabay ng Responsibilidad sa PNOY at Akademikong Pagganap**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Epektibong Pamamahala sa Oras** | • *“Dapat ay marunong kang pamahalaan ang iyong oras.”* -IDI-03<br>• *“Kailangan mo ring magkaroon ng tamang pamamahala ng oras sa dalawang bagay, para walang kahit isa ang maapektuhan.”* -IDI-04<br>• *“Dapat ay mahusay kaming mamahala ng oras upang walang kahit anong aspekto ang mapabayaan, maging sa pag-aaral o sa paglilingkod sa organisasyon*.” -FGD-01<br>• *“Ang epektibong pamamahala ng oras ay nakakatulong upang magawa mo ang mga trabaho mo nang epektibo.”* -FGD-02<br>• *“Ang pagkakaroon ng epektibong pamamahala sa oras, lalo na sa pagbibigay ng sapat na oras para sa aking akademikong gawain at sa pagiging opisyales ng PNOY.”* -FGD-03 |

| | |
|---|---|
| **Pagtatakda ng Priyoridad** | • *"Matutong magbigay-priyoridad sa mga bagay, kung ano ang pinaka-mahalaga at may pinakamalapit na deadline, yun ang unahin mong isumite."* -IDI-03<br>• *"Dapat magtakda ng mga priyoridad at tiyakin kung ano ang kailangang matapos ngayong araw at kung ano ang susunod na gawain."* -FGD-01<br>• *"Nagtatakda ako ng priyoridad, ibig sabihin, inuuna ko ang mga bagay na mas malapit sa takdang oras kaysa sa mga mas malayo."* -FGD-02<br>• *"Nagtatakda ako ng priyoridad at binabalanse ang mga gawain. Tinutukoy ko kung ano ang uunahin kong gawin bago ko gawin ang iba pang mga gawain, at kung ano ang huli kong gagawin para maging maayos ang lahat at hindi magulo."* -FGD-03 |
| **Maagang Pagpaplano sa mga Gawain** | • *"Pagpaplano ng maaga na dapat ay alam mo kung ano ang mga gawain mo, dapat ay may may takdang oras para sa bawat gawain at siguruhing may plano kung paano pagsabayin ang mga responsibilidad sa organisasyon at akademiko."* -FGD-01<br>• *"Magplano ng maaga, kung ano ang dapat mong gawin, dapat mong unahin at 'di muna gagawin."* -FGD-02<br>• *"Pagpaplano ng maaga upang maiwasan ang pagpapaliban ng mga gawain at upang maging maayos ang pagsunod sa iskedyul"* -FGD-04<br>• *"Magplano ng maaga upang maiwasan ang pagkakagulo at makamtan ang maganda at maayos na resulta."* -FGD-05 |
| **Paghingi ng Payo** | • *"Humingi ako ng payo mula sa mga nakatatandang miyembro ng PNOY, kabilang ang mga dating lider at program coordinator, kung paano mababalansi ang mga responsibilidad ko sa akademiko at sa organisasyon."* -IDI-01<br>• *"Pagtatanong sa mga seniors, sa mga may karanasan na sa pagsabay-sabay ng dalawang responsibilidad, dahil doon, nagbigay ito sa akin ng motibasyon na kinaya nga nila bakit ako hindi."* -IDI-05<br>• *"Humihingi ako ng payo mula sa aking mga kaibigan na may mataas na ranggo sa BEED at Math, kung ano ang dapat na gagawin."* -FGD-01<br>• *"Minsan, kapag patong-patong na ang mga problema, nagiging pagkakataon namin ito na magpahayag ng nararamdaman at humingi ng tulong sa aming tagapayo at coordinator. Handa silang magbigay ng payo at tumulong sa amin upang makamit ang mga layunin namin."* -FGD-02 |
| **Maging Bukas sa Opinyon at Ideya ng Iba** | • *"Dapat bukas at makinig sa mga mungkahi at bukas sa mga pagbabago."* -IDI-05<br>• *"Ang pagkakaroon ng mataas na posisyon ay hindi dahilan upang hindi pakinggan ang opinyon ng iba."* -FGD-01<br>• *"Mahalaga ring makinig sa opinyon ng iba, at siguraduhin na lahat ay may pantay-pantay na pagkakataon na magbahagi ng kanilang ideya tuwing pagpupulong."* -FGD-02<br>• *"Mahalaga ang pakikinig sa mga opinyon at ideya ng iba, lalo na sa mga taong may higit na kaalaman sa pagiging lider, opisyales, at kung paano isagawa ang mga responsibilidad bilang isang lider at mag-aaral."* -FGD-04<br>• *"Dapat pakinggan ang mga opinyon at ideya ng iba upang mas mapabuti ang pamamahala sa organisasyon at sabay na mapangalagaan ang akademikong responsibilidad."* -FGD-05 |

**Epektibong Pamamahala sa Oras**

Upang malampasan ang mga hamon sa pagsasabay ng responsibilidad sa pagiging opisyal ng PNOY at pagganap sa akademiko, natutunan ng mga mag-aaral ang epektibong pamamahala sa oras. Natutunan nilang maglaan ng sapat na oras para sa mga gawain sa organisasyon at sa kanilang pag-aaral. Ang paggamit ng mga estratehiya sa pamamahala ng oras, tulad ng paggawa ng *schedule* o paglalagay ng paalala ay naging mahalaga sa kanilang pagiging organisado at produktibo.

Ang kinalabasan ng pananaliksik na ito ay sinuportahan ng pag-aaral ni Francis (2024), na nagpapakita na ang maayos na pamamahala sa oras ay isang mahalagang kasanayan na maaaring mapabuti ang akademikong pagganap ng mga estudyante habang patuloy nilang ginagampanan ang kanilang mga responsibilidad bilang isang lider. Lumilitaw sa kanilang pananaliksik na ang tamang diskarte sa pamamahala ng oras ay nagbibigay-daan sa mas epektibong pagtupad ng kanilang mga tungkulin nang hindi naaapektuhan ang kanilang pag-aaral.

**Pagtatakda ng Priyoridad**

Sa dami ng responsibilidad, natutunan ng mga mag-aaral ang pagtatakda ng priyoridad. Naging mahalaga para sa kanila ang pag-alam kung aling gawain ang dapat unahin batay sa *deadline* at halaga ng epekto nito. Ang

pagtatakda ng priyoridad ay nakatulong upang maging mas sistematiko ang kanilang pagtugon sa mga gawain at maiwasan ang pagiging labis na abala sa mga hindi gaanong mahalagang aktibidad. Sa pamamagitan nito, nagiging mas madali para sa kanila na magpokus sa mga mahahalagang gawain at magkaroon ng mas maayos na pagganap.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay kaayon sa mga natuklasan at naging kinalabasan ng pag-aaral ni Briggs (2024), sinasabing ang akademikong responsibilidad at mga tungkulin bilang isang lider, ilan sa mahahalagang estratehiya ay ang maayos na pamamahala ng oras, tamang paglalaan ng mga gawain, pangangalaga sa sarili at epektibong komunikasyon. Sa pamamagitan ng maayos na pag-aayos ng iskedyul, nagagampanan ng mga estudyanteng lider ang kanilang mga tungkulin nang hindi napapabayaan ang kanilang pag-aaral. Ipinahiwatig sa pag-aaral na ang tamang pagtatakda ng priyoridad ay mahalaga upang mapanatili ang akademikong pagpapatuloy at maiwasan ang sobrang pagkapagod, na nagbibigay-daan sa tagumpay sa parehong aspekto.

**Maagang Pagpaplano sa mga Gawain**

Isa sa mga estratehiyang ginamit ng mga mag-aaral upang makayanan ang sabay-sabay na responsibilidad ay ang maagang pagpaplano sa mga gawain. Ang pagplano ng mga gawain sa mas maagang panahon ay nagbigay sa kanila ng sapat na oras upang matapos ang mga proyekto at maiwasan ang pagkapahamak sa mga biglaang gawain. Naging susi rin ito sa pagbawas ng *stress* at pag-iwas sa *cramming*. Sa ganitong paraan, nagiging mas handa sila sa mga inaasahang at hindi inaasahang mga pagsubok, na nagpapalakas sa kanilang pagganap at pagharap sa mga hamon.

Ang datos mula sa pananaliksik na ito ay nagpapatibay sa mga natuklasan ni Carlson (2024), na nagpapahiwatig na mahalaga ang pagpaplano nang maaga para sa mga estudyanteng lider upang mapanatili ang kanilang pag-aaral. Sa pamamagitan ng maingat na pagpaplano, mas epektibo nilang nababalanse ang kanilang responsibilidad sa akademya at pamumuno. Binibigyang-diin ang kritikal na papel ng pamamahala sa oras, pagtatakda ng mga makatotohanang layunin at takdang-petsa at pag-iwas sa pagpapaliban. Ang mga estratehiyang ito ay nakakatulong upang maiwasan ang pagmamadali at labis na *stress*. Sa pamamagitan ng maagang pagpaplano, nagagampanan ng mga estudyanteng lider ang kanilang mga tungkulin nang hindi nakokompromiso ang kanilang pag-aaral at nababawasan din ang panganib ng pagod.

**Paghingi ng Payo**

Sa harap ng mga pagsubok, natutunan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng paghingi ng payo sa mga mas nakakaalam o may mas maraming karanasan. Ang pakikipag-usap sa mga guro, tagapayo, o kapwa opisyal ay nakatulong sa kanila na makahanap ng mas mabisang solusyon sa kanilang mga suliranin. Ang pagiging bukas sa gabay ng iba ay nagbigay sa kanila ng mas malawak na pananaw sa pagharap sa mga hamon. Sa pamamagitan nito, nagiging mas epektibo sila sa pagresolba ng mga suliranin at nagkakaroon ng mas matibay na suporta sa pagharap sa mga pagsubok.

Ang kinalabasan ng pananaliksik na ito ay sinuportahan ng pag-aaral nina Boeder et al. (2021), ipinaliwanag na ang paghingi ng gabay mula sa mga dalubhasa na may mas malawak na kaalaman ay isang krusyal na hakbang para sa mga indibidwal upang epektibong pamahalaan ang kanilang mga tungkulin. Ipinapakita kung paano nagbibigay ang mga dalubhasa ng makabuluhang pananaw at praktikal na suporta na nagtuturo sa mga mag-aaral kung paano magbalanse ng kanilang akademikong gawain at responsibilidad sa pamumuno. Sa pamamagitan ng pagtuturo, natututo ang mga indibidwal ng pamamahala ng oras, paggawa ng desisyon at paglutas ng problema, na nagbibigay sa kanila ng kakayahang unahin ang mga gawain at hawakan ang maraming responsibilidad nang may tiwala sa sarili.

**Maging Bukas sa Opinyon at Ideya ng Iba**

Ang pagiging bukas sa opinyon at ideya ng iba ay isa ring mahalagang salik na nakatulong sa mga mag-aaral na malampasan ang mga pagsubok. Sa pamamagitan ng pakikinig sa mga mungkahi at ideya ng kanilang mga kasamahan, nakabuo sila ng mas epektibong solusyon at naging mas kolaboratibo sa pagtugon sa mga gawain. Ang pagiging bukas sa pidbak ay nagbigay-daan sa mas maayos na pakikipag-ugnayan at pagkatuto mula sa iba. Sa ganitong paraan, nagiging mas mahusay sila sa pagtrabaho at nagkakaroon ng mas malawak na pag-unawa sa iba't ibang perspektiba.

Ang natuklasan sa pananaliksik na ito ay tumutugma sa isinagawang pag-aaral nina Cui et al. (2022), na nagpapakita na ang pagiging bukas sa iba't ibang perspektiba at konsepto ay nagpapalakas sa pagbabahagi ng kaalaman at inobasyon sa akademiko at organisasyon. Ang pagtanggap sa mga bagong pananaw ay nagreresulta sa mas produktibong pakikitungo at mas epektibong paggawa ng desisyon. Nakakatulong ito upang mapanatili ang positibong relasyon sa pagitan ng mga miyembro, na nagdudulot ng mas mataas na antas ng pagkakaunawaan, pagkakaisa at tagumpay sa parehong larangan ng akademiko at organisasyon. Bukod pa rito, ang ganitong pag-uugali ay nagtataguyod ng patuloy na pag-unlad at pagpapabuti ng mga kasanayan at proseso.

**Mga Pananaw ng mga Mag-aaral sa Pagganap sa Tungkulin bilang isang Opisyal at sa Pagtupad sa Kinakailangang Marka ng mga Mag-aaral sa *Eucation Program*.**

Gamit ang ikatlong katanungan na ito, mula sa pagpapalawig ng pag-unawa sa mga pahayag mula sa tugon ng mga partisipante, lumitaw ang tatlong (3) tema: (1) kahalagahan ng epektibong pamamahala sa oras, (2) maging disiplinado at responsable sa lahat ng gawain at (3) maging positibo sa kabila ng pagsubok. Ang mga temang ito ay nagtindig bilang sandigan at nagbigay ng tulong upang malampasan ang mga hamon, na nagpapalakas sa kanilang pagganap at pagharap sa mga pagsubok sa araw-araw.

**Talahanayan 4. Pananaw ng mga Mag-aaral sa Pagganap sa Tungkulin bilang isang Opisyal at sa Pagtupad sa Kinakailangang Marka bilang Mag-aaral sa *Eucation Program***

| Mga Pangunahing Tema | Mga Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Kahalagahan ng Epektibong Pamamahala sa Oras** | • *"Kinakailangan na ikaw ay masipag, marunong kang magbalanse ng oras sa mga gawain upang makamit mo ang markang kinakailangan mong abutin, kasi ang kinakailangan na marka ay 85 pataas."* -IDI-01<br>• *"Pag-aralan mong maayos ang iyong oras. Bagamat ikaw ay isang lider, isa ka pa ring estudyante at kailangan mong tapusin ang mga gawain na ibinibigay sa'yo."* -IDI-03<br>• *"Mahalaga ang tamang pamamahala ng oras, lalo na bilang isang estudyante at bilang isang opisyal sa isang organisasyon. Kailangan mong matutong mamahala ng oras nang maayos."* -FGD-03<br>• *"Napakahalaga ng tamang pamamahala ng oras, lalo na sa pagiging responsable bilang mag-aaral at bilang isang opisyal sa PNOY."* -FGD-04 |
| **Maging Disiplinado at Responsable sa Lahat ng Gawain** | • *"Dapat mayroon kang disiplina at maging responsable upang matapos ang iyong mga tungkulin bilang isang opisyal."* -FGD-01<br>• *"Dapat responsable ka sa mga tungkulin mo, hindi pwedeng maging pabaya dahil may mga responsibilidad kang hawak. Kailangan mong maging buo at maalam sa pagtanggap ng iyong mga responsibilidad, hindi lang basta-basta."* -FGD-02<br>• *"Ang pagiging disiplinado at pagkakaroon ng kasanayan sa pamumuno ay mahalaga upang mapabuti ang iyong akademikong pagganap, lalo na sa mga grupong aktibidad at presentasyon sa loob ng klase."* -FGD-03<br>• *"Responsable kang tapusin ang iyong mga gawain at anumang gawain na ipagkatiwala sa'yo, lalo na kung may mga aktibidad."* -FGD-04<br>• *"Maging disiplinado sa aking sarili at sa oras, gamitin ito nang tama at pamahalaan ng maayos ang gawain."* -FGD-05 |
| **Maging Positibo sa Kabila ng Pagsubok** | • *"Laging mag-isip ng positibo at laging hanapin ang mabuting bahagi ng sitwasyon. Kung hindi ka mag-iisip ng mabuti, madali kang mawawalan ng pag-asa. Mawawalan ka ng gana at mawalan ka ng determinasyon sa pagtulong sa organisasyon dahil sa mga bagay na nakaligtaan mo, tulad ng iyong akademikong responsibilidad."* -IDI-01<br>• *"Kung sakali mang mabigo ka, tignan mo na lamang ang magagandang bagay na natutunan mo mula dito. Mag-isip ng positibo dahil marami talagang ganitong pagsubok sa buhay."* -IDI-02<br>• *"Kung sakali mang magkaroon sila ng mga problema, matutong maghanap ng solusyon. Huwag magtuon ng pansin sa problema, bagkus magpokus sa paghahanap ng solusyon."* -IDI-03<br>• *"Maging positibo sa buhay. Kahit nahihirapan ka ngayon, darating ang panahon na masasabing nalampasan mo rin ito. Maging matatag sa lahat ng pagsubok at maging determinado na malampasan ang lahat ng hamon."* -IDI-04<br>• *"Huwag matakot sa bigat ng responsibilidad dahil ang bawat pagsubok ay hakbang patungo sa iyong tagumpay."* -IDI-05<br>• *"May mga panahon na mahirap, ngunit kapag natapos ang mga aktibidad, kahit na pagod ka, may fulfillment na mararamdaman dahil natupad mo ang iyong tungkulin."* -FGD-01 |

**Kahalagahan ng Epektibong Pamamahala sa Oras**

Para sa mga mag-aaral na opisyal ng PNOY, ang kahalagahan ng epektibong pamamahala sa oras ay naging tulay sa kanilang pagganap sa tungkulin at pagpapanatili ng kinakailangang marka sa akademiko. Natutunan nilang maglaan ng oras nang maayos sa pagitan ng mga responsibilidad sa organisasyon at mga gawain sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng tamang pamamahala sa oras, nagawa nilang maging produktibo at maiwasan ang pagkaantala sa mga gawain, na nagdulot ng mas organisadong sistema sa kanilang pang-araw-araw na gawain.

Batay sa pag-aaral ni Ambrož (2024), ang epektibong pamamahala ng oras sa pagpapahusay ng personal na pagiging epektibo, pagganap sa trabaho at tagumpay ng organisasyon ay mahalaga. Sa pamamagitan ng tamang pagplano ng oras at pagsasaayos ng gawain, ang mga indibidwal ay nakakaranas ng mas mahusay na motibasyon, mas kaunting hidwaan at mas balanseng pamumuhay, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng tagumpay. Bukod dito, ang paglinang ng mga bagong kakayahan sa pamamagitan ng mahusay na pamamahala ng oras ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng produktibidad at mas mahusay na pagganap sa organisasyon.

**Maging Disiplinado at Responsable sa Lahat ng Gawain**

Ang pagiging opisyal ay nagbigay sa mga mag-aaral ng mas matinding disiplina at responsibilidad. Sa katunayan, binanggit nila na kinakailangang maging disiplinado at responsable sa lahat ng gawain, upang walang maiiwan at makaligtaang tapusin. Naging mahalaga para sa kanila ang pagiging dedikado sa pagtupad sa mga tungkulin, kahit pa mahirap ang sabay na pagganap sa akademiko at organisasyon. Natutunan nilang maging mas responsable sa pagtapos ng mga proyekto sa tamang oras, pagrespeto sa mga *deadline* at pagganap ng kanilang mga tungkulin nang may integridad at dedikasyon.

Ang kinalabasan ng pananaliksik na ito ay sinuportahan ng pag-aaral nina Khatun at Siddiqui (2018), na nagpapakita na ang pagpapanatili ng disiplina ay nakakatulong sa mga indibidwal upang makapagpokus, makapamahala ng oras nang wasto at makabuo ng positibong kaugalian. Sa pamamagitan ng pagpapanatili ng disiplina, ang mga indibidwal ay nakakapagpokus, nagpapamahala ng oras nang wasto at nagbubuo ng positibong kaugalian. Samantala, ang pagiging responsable ay nagtitiyak na ang mga gawain ay natatapos nang maayos, na nagdudulot ng pananagutan at dedikasyon na mahalaga sa pagkamit ng tagumpay sa akademiko at organisasyon.

**Maging Positibo sa Kabila ng Pagsubok**

Sa kabila ng mga hamon sa sabay na pagganap sa organisasyon at akademiko, napanatili ng mga mag-aaral ang maging positibo sa kabila ng pagsubok. Sa halip na panghinaan ng loob, ginamit nila ang mga pagsubok bilang motibasyon upang magpatuloy at pagbutihin ang kanilang sarili. Ang pagiging optimistiko ay nakatulong sa kanila upang maging mas matibay sa pagharap sa mga hamon at makahanap ng solusyon sa mga suliranin sa halip na sumuko. Sa ganitong paraan, nagiging mas inspirasyon sila sa iba na magsikap din at magtiwala sa kanilang mga kakayahan, na nagpapalakas sa kanilang pagganap at pagharap sa mga pagsubok sa araw-araw.

Binigyang-diin nina Yang at Wang (2022) ang pagkakaroon ng positibong pananaw ay nagiging posible sa pamamagitan ng responsibilidad sa akademiko at organisasyon. Ang malinaw na pagtatakda ng layunin, maayos na pamamahala ng oras, at mahusay na pakikipagtulungan sa iba ay may mahalagang papel sa pagkamit ng tagumpay. Bukod dito, ang pagiging bukas sa pagbabago at ang tamang pag-iisip ay nagpapalakas ng determinasyon, na siyang nagiging daan upang manatiling produktibo at epektibo sa anumang gawain.

Gayunpaman, ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito ay malinaw na umuugnay sa mga teoryang ginamit sa pag-aaral. Ayon sa teoryang *Cognitive Development* ni Piaget (1936), ang tao ay bumubuo ng sariling pag-unawa sa mundo sa pamamagitan ng direktang interaksyon at komunikasyon sa ibang tao. Kung kaya, batay sa resulta, sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa dalawang responsibilidad, natuto ang mga mag-aaral na magdesisyon, magplano at umunawa. Naging basehan din ang *Self-efficacy Theory* ni Bandura (1977) dahil sa teoryang ito nalalaman ang pananaw ng isang indibidwal hinggil sa kaniyang kakayahang gawin ang isang bagay nang may malakas na paniniwala sa sariling kaalaman. Sa kabila ng mga hamon, nanatiling matibay ang mga mag-aaral na magpatuloy at kayanin ang dobleng gamapanin nang may paniniwala at positibong pananaw. Gayundin, ginawang batayan din ang *Self-determination Theory* nina Deci at Ryan (1985), dahil ang teoryang ito ay nagbibigay-diin sa motibasyon at personalidad ng tao. Sa katunayan, ayon sa naging resulta ng pag-aaral, ipinakita ng mga kalahok ang kanilang dedikasyon sa tungkulin at pagnanais na makamit ang tagumpay sa pag-aaral, ito ay patunay lamang sa kanilang pagiging determinado. Ang mga karanasan ng mga estudyanteng lider ay hindi lamang personal na tagumpay kundi nagpapakita rin ng mas malalim na proseso ng pag-unlad, tiwala sa sarili at motibasyog nagmula sa panloob at panlabas na pagnanais.

## VI. KONKLUSYON

Ipinapamalas sa resulta ng pananaliksik na ito ang konkretong pagpapatunay na ang mga mag-aaral na sumasailalim sa dalawang magkaabay na responsibilidad sa akademiko at organisasyong tungkulin sa PNOY ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology,* ay nagkaroon ng iba't ibang pagpapahayag sa kanilang mga karansan, pananaw at saloobin.

Ang sabay-sabay na pagtupad sa tungkulin bilang opisyal ng PNOY at pagsunod sa mga responsibilidad sa akademiko ay nagdudulot ng matinding *pressure*, *stress* at pisikal na pagkapagod sa mga mag-aaral. Bagama't may positibong epekto ito tulad ng pagtaas ng kumpiyansa at pag-unlad ng kasanayan sa komunikasyon, nagiging balakid naman ang kakulangan sa oras para sa personal na pangangailangan. Ang kawalan ng sapat na pahinga ay nagreresulta sa pagbaba ng kalidad ng kanilang akademikong pagganap. Ang balanseng pamamahala ng oras ay nananatiling isang malaking hamon, kung saan madalas itong nagiging sanhi ng pagkaantala sa pagtupad sa kanilang mga obligasyong pang-akademiko.

Ang mataas na antas ng *stress* at *pressure* dulot ng sabay-sabay na responsibilidad ay nagiging sanhi rin ng emosyonal na pagod. Ang ganitong kalagayan ay maaaring magdulot ng pagbaba sa konsentrasyon, motibasyon at produktibidad. Dahil dito, nahihirapan ang ilang mga mag-aaral na mapanatili ang kanilang mataas na marka upang manatili sila sa *President's Lister*. Ang limitadong oras para sa pag-aaral ay nagreresulta rin sa pagkaantala o hindi maayos na pagsusumite ng takdang-aralin. Bukod dito, ang emosyonal na katatagan ay nagiging hamon dahil sa patuloy na *pressure* mula sa parehong aspekto sa akademiko at organisasyon. Ang matinding *stress* ay maaaring humantong pa sa pagkabahala, depresyon at *mental fatigue*, na nagiging hadlang hindi lamang sa kanilang akademikong tagumpay kundi pati na rin sa kanilang pangkalahatang kagalingan.

Ang kakulangan sa epektibong pamamahala ng oras ay isa ring pangunahing balakid para maayos nilang maisakatuparan ang kanilang mga tungkulin. Dahil sa dami ng gawain mula parehong akademiko at organisasyon, hindi nila nagagawang maglaan nang sapat na oras para makapag-aral, makapagpahinga, o maisagawa nang mahusay ang kanilang tungkulin bilang lider. Ang hindi balanseng pamamahala ng oras ay nagdudulot din ng pagkaantala o pagbaba sa kalidad ng kanilang gawain.

Sa kabila naman ng mga hamon, mahalaga ring kilalanin ang positibong epekto nito. Ang pagiging opisyal ng PNOY ay nagbibigay-daan para mapaunlad nila ang kanilang kasanayan sa komunikasyon at pamumuno. Sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa iba't ibang tao at aktibong pakikilahok sa organisasyon, nahuhubog ang kanilang kakayahan sa pakikipagtulungan at epektibong pakikipag-ugnayan. Bukod dito, mas nauunawaan nila ang proseso ng pamumuno, kaya't mas napapahusay nila ang kanilang pagiging lider.

Ang karanasan bilang lider habang pinapanatili ang mataas na antas ng akademikong pagganap ay nagbibigay-daan din para mapaunlad nila ang iba't ibang kasanayan tulad ng pamamahala ng oras, paglikha ng isang desisyon at kritikal na pag-iisip. Gayunpaman, dapat ding bigyang-pansin ang panganib na dulot nito tulad ng pagod dahil sa labis na *pressure*. Ang ganitong kondisyon ay maaaring makaapekto hindi lamang sa kasalukuyang kakayahan kundi pati rin sa pangmatagalang kagalingan.

Ang karanasan naman bilang opisyal ay maaaring maging inspirasyon para sa iba pang mag-aaral na nagnanais ding sumabak sa pamumuno habang pinapanatili ang mataas nilang antas bilang estudyante. Sa pamamagitan ng pagbabahagi nila ng kanilang kuwento o karanasan, maituturo nila kung paano epektibong harapin ang hamon at balansehin nang maayos ang tungkulin.

Sa kabuoan, ipinapakita nito ang pangangailangan para magkaroon pa nang mas inklusibo at suportadong sistema upang matulungan silang balansehin nang maayos ang oras at maiwasan ang *burnout*. Sa ganitong paraan, mas mapapabuti pa nila hindi lamang ang kanilang akademikong perpormans kundi pati rin ang kanilang kontribusyon bilang lider.

## TALASANGGUNIAN


[1] Marigmen, L. J. V., et al., Arcenias, H. C. L., Gomez, M. C., Labrador, J. N. M., Ruiz, J. G. V., & Villarama, J. A. (2024). WHEN LEADING BECOMES a BURDEN: PHENOMENOLOGICAL INVESTIGATION INTO ACTUAL EXPERIENCES OF STUDENT LEADERS UNDER "LEADERSHIP PRESSURE." In *PSYCHOLOGY AND EDUCATION: A MULTIDISCIPLINARY JOURNAL* (Vol. 20, Issue 10, pp. 1282–1294) [Research Article]. https://doi.org/10.5281/zenodo.11890583

[2] Mitra, R. S. (2022). Exploring leadership challenges and ideal followership of university student organizations. *Spicer Adventist University Research Articles Journal*, *1*(1), 47–59. https://doi.org/10.56934/sauraj.v1i1.66

[3] Murage, L. M., Njoka, J., & Gachahi, M. (2019a). Challenges faced by student leaders in managing student affairs in public universities in Kenya. *International Journal of Education and Literacy Studies*, *7*(1), 1. https://doi.org/10.7575/aiac.ijels.v.7n.1p.1

[4] Pedroso, J. E. P., Llorico, J. J., & Tagabi, G. A. (2023). Burnout risk of tertiary student leaders in the Philippines. *Arts & Humanities Open Access Journal*, *5*(3), 158–163. https://doi.org/10.15406/ahoaj.2021.05.00202

[5] Jha, S. (2020). Reflection of Spiritualism: An Interpretation of Vedanta by Max Mueller and Aurobindo. *International Journal of English Literature and Social Sciences*, *5*(6), 2422–2424. https://doi.org/10.22161/ijels.56.80Njaramba, L. W., Njaramba, W. N., Ayivi, W., Gitagia, E. N., Owusu-Ansah, P., & Umotong, K. F. (2022). STUDENT LEADERSHIP ROLES AND ITS IMPACT ON ACADEMIC PERFORMANCE. In University of Electronic Science and Technology of China (UESTC), Chengdu, China & International Journal of Economics, Commerce and Management, United Kingdom, *International Journal of Economics, Commerce and Management: Vol. X* (Issue 5, p. 40). https://ijecm.co.uk/wp-content/uploads/2022/05/1053.pdf

[6] Mushfiq, M. (2023, November 30). *Cultivating international student leadership self-efficacy*. University Affairs. https://universityaffairs.ca/career-advice/cultivating-international-student-leadership-self-efficacy/?

[7] Martínez, B. M. T., Del Carmen Pérez-Fuentes, M., & Del Mar Molero Jurado, M. (2022). Addressing leadership effectiveness for student academic engagement: a systematic review. *School Leadership and Management*, *42*(4), 366–380. https://doi.org/10.1080/13632434.2022.2111412

[8] Bhandari, L. P. (2020). Language task design: Teachers' understanding and practices in teaching writing. English Language Teaching and Research Journal (ELTARJ), 2(1), 65-76

[9] Creswell, J. W. (2013). Qualitative Inquiry and Research Design: Choosing among five approaches (2nd ed.) SAGE Publications, Inc. http://www.ceilconicet.gov.ar/wpcontent/uploads/2018/04/CRESWELLQualitative-Inquary-and-Research-Design-Cresswell.pdf

[10] Cleland, J. (2017). The Qualitative Orientation in Medical Education Research. Korean J Med Educ (pp.61-71). PMC free article PubMed

[11] Bullard, E. (2024). *Purposive sampling*. EBSCO. https://www.ebsco.com/research-starters/social-sciences-and-humanities/purposive-sampling

[12] Fleetwood, D. (2023, September 4). *Convenience Sampling: Definition, Advantages, and Examples*. QuestionPro. https://www.questionpro.com/blog/convenience-sampling/

[13] Tayab, D. R., Parungao, C. P., Mallari, C. D. M., Quinagutan, B. a. B., Tengco, C. a. V., Timbol, N. N., Manlusoc, J. C., & Balajadia, B. L. (2024). Exploring leadership stress and coping mechanisms among student leaders in public High school in Arayat Pampanga. *journals.ijramt.com*. https://doi.org/10.5281/zenodo.11282482

[14] Ocaña-Moral, M. T., Gavín-Chocano, Ó., Pérez-Navío, E., & Del Carmen Martínez-Serrano, M. (2021). Relationship among Perceived Stress, Life Satisfaction and Academic Performance of Education Sciences Students of the University of Jaén after the COVID-19 Pandemic. *Education Sciences*, *11*(12), 802. https://doi.org/10.3390/educsci11120802

[15] Kayaba, M., Matsushita, T., Enomoto, M., Kanai, C., Katayama, N., Inoue, Y., & Sasai-Sakuma, T. (2020). Impact of sleep problems on daytime function in school life: a cross-sectional study involving Japanese university students. *BMC Public Health*, *20*(1). https://doi.org/10.1186/s12889-020-08483-1

[16] Riggio, R. (2024). Developing student leader emotional and social communication skills. *The Journal of Campus Activities Practice and Scholarship*, *6*(1), 68–73. https://doi.org/10.52499/2024007

[17] Gunel, I. (2021). The Effect of Self-Esteem on leadership orientation: A study on students of Sports Management Department. *Asian Journal of Education and Training*, *7*(1), 91–95. https://doi.org/10.20448/journal.522.2021.71.91.95

[18] Francis, J. (2024, September 27). Student Leadership in 2024: Challenges and Solutions for the Next Generation of Leaders. https://www.linkedin.com/pulse/student-leadership-2024-challenges-solutions-next-leaders-francis-wqnne

[19] Briggs, E. (2024, November 27). *Top Strategies for Balancing Academics and leadership responsibilities*. enrichingleadership.com. https://enrichingleadership.com/top-strategies-for-balancing-academics-and-leadership-responsibilities/

[20] Carlson, K. (2024, September 18). Time Management: Balancing School, Activities, & Leadership Roles. *JLBC Cadet Corps*. https://www.juniorleadership.net/post/time-management-balancing-school-activities-leadership-roles

[21] Boeder, J., Fruiht, V., Erikson, K., Hwang, S., Blanco, G., & Chan, T. (2021). Reflecting on an academic career: associations between past mentoring investments and career benefits. *Mentoring & Tutoring Partnership in Learning*, *29*(5), 607–625. https://doi.org/10.1080/13611267.2021.1986797

[22] Cui, G., Wang, F., & Zhang, Y. (2022). Buffer or boost? the role of openness to experience and knowledge sharing in the relationship between team cognitive diversity and members' innovative work behavior. *Current Psychology*, *42*(29), 25233–25245. https://doi.org/10.1007/s12144-022-03633-7

[23] Ambrož, M. (2024). Pragmatic view of research of organisations. *Izzivi Prihodnosti*, *3*(3, August 2024). https://doi.org/10.37886/ip.2024.007

[24] Khatun, A., & Siddiqui, M. N. (2018). THE ROLE OF DISCIPLINE IN EDUCATION AND ITS IMPACT ON THE PROCESSING OF LEARNING. *Journal of Emerging Technologies and Innovative Research (JETIR)*, *5*(10), 87–88. https://www.jetir.org/papers/JETIR1810A64.pdf

[25] Yang, S., & Wang, W. (2022). The role of academic resilience, motivational intensity and their relationship in EFL learners' academic achievement. *Frontiers in Psychology*, *12*. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.823537